Hunyo 26, 2020
Immigration Services Agency of Japan

Para sa mga permanent resident na nahihirapang makabalik sa Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) (Pagkatapos ng Hunyo, 29, 2020)

Ang mga permanent resident na nahihirapang makabalik ng Japan sa loob ng validity period ng re-entry permission o special re-entry permission dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) ay maaring muling makapasok sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan (* 1). Kaya mangyaring kumonsulta sa Embassy of Japan o sa Consulate General ng kung saan ka nananatili.

[1] Kung ang validity period ng iyong re-entry permission ay nag-expire na o nahihirapan kang makabalik sa loob ng validity period

Maaring ma-extend ang validity period ng iyong re-entry permission sa Embassy of Japan o sa Consulate General kung saan ka nananatili.

[Ang pinakamahabang panahong pwedeng i-extend ay isang taon mula sa expiration date ng validity period.]

Kung ang validity period ng re-entry permission ay na-extend, mangyaring bumalik sa Japan sa loob ng bagong validity period. Kung hindi mo naipa-extend ito, mangyaring makapasok sa pamamagitan ng pamamaraang [2].

[2] Kung ang validity period ng special re-entry permission ay nag-expire (Kasama ang kaso kung saan hindi magawa ang pamamaraang [1]).

[Naaangkop rito ang mga dayuhang nasyonal na ang re-entry permission o special re-entry permission ay nakatakdang mag-expire sa pagitan ng Enero 1, 2020 at isang buwan matapos tanggalin ang entry restriction (*2).]

Mangyaring mag-apply para sa “Long-Term Resident” sa Embassy of Japan o sa Consulate General kung saan ka nananatili ng hindi

lalampas ng anim na buwan matapos tanggalin ang entry restrictions.

Kapag na-isyu ang visa, maaari mong gawin ang mga kinakailangang hakbang upang makapasok muli sa Japan bilang “Permanent Resident” sa airport ng Japan.

*1 Kung hindi tinanggal ang entry restriction sa bansa at rehiyon kung saan ikaw ay nananatili ay hindi ka maaring makapasok ng Japan kahit na ikaw ay sumailalim sa panukalang ito, maliban na lang kung may espesyal na pangyayari.
Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Justice.
http://www.moj.go.jp/content/001327505.pdf

*2 Ang araw kung kailan tinanggal ang entry restrictions ay ang ituturing na araw kung kailan parehong tinanggal ang denial of landing ng bansa o rehiyon kung saan ka nananantili at ang suspension ng validity ng visa na inisyu.

Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Justice sa ibaba tungkol sa sitwason ng entry restrictions sa bawat bansa at rehiyon.
http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/nyuukokukanri01_00154.html

*3 Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Foreign Affairs sa ibaba para sa mga dokumentong kinakailangan para sa proseso ng [1] at [2].
https://www.mofa.go.jp/about/emb_cons/mofaserv.html